Bias Crime

## Ano ang insidente ng bias?

Ang insidente ng bias o' krimen na bugso ng poot ay tinutukoy sa *Attorney General's Guidelines* bilang anumang hinihinalaan o kumpirmadong pagkakasala o labag sa batas na aksyon laban sa isang tao o ari-arian (pampubliko o pribado) batay sa siyam na protektadong katayuan ng New Jersey: lahi, kulay, relihiyon, kasarian, kapansanan, sekswal na oryentasyon, kasarian o' kinikilalang kasarian, at bansang pinagmulan.

## Anu-ano ang karaniwang uri ng bias/ krimeng bugso ng poot?

Ang mga insidente ng bias at krimeng bugso ng poot ay may iba't-ibang anyo, mula sa graffiting kaugnay sa lahi, pagbabanta ng pisikal na pananakit hanggang sa aktwal na pinsala sa ari-arian o pananakit. Sa batas ng New Jersey, ang anumang krimen - tulad ng panliligalig, pag-atake, pagbabanta ng terorismo, arson, gawaing kriminal, o homicide - ay mapapailalim sa mas mabigat na parusa kapag ito ay laban sa isang indibidwal batay sa kanyang lahi, kulay, relihiyon, kasarian, o iba pang protektadong katayuan. Hindi lahat ng insidente ay maituturing na isang krimen, ngunit anumang potensyal na insidente ng bias ay dapat isumbong sa pulisya bilang isang insidente ng bias upang lubos itong maimbestigahan.

## Ano ang dapat kong isumbong?

Dapat mong isumbong sa iyong lokal na kagawaran ng pulisya ang anuman at lahat ng pinaghihinalaan o kumpirmadong insidente ng bias. Sa madaling salita, kung ikaw ay isang biktima o saksi sa anumang pagkakasala laban sa isang tao batay sa kanyang lahi, kulay, relihiyon, kasarian, o iba pang protektadong katayuan, dapat mong isumbong ang naturang insidente. Upang makatulong sa imbestigasyon, tandaan ang mahahalagang impormasyon kasama ng numero ng plaka ng sasakyan, pagkakakilanlang pisikal, gaya ng tattoo, atbp.

## Ano ang dapat gawin kung makakasaksi ng nagaganap na bias/krimeng bugso ng poot?

Tumawag sa 911 upang isumbong ito.

## Paano kung di ako komportableng magsumbong ng mga insidente sa lokal na pulisya?

Bawat County Prosecutor's Office sa New Jersey ay may nakatalagang tauhan sa Bias Crimes Unit. Sila ay responsable sa pagtanggap ng reklamo ukol sa insidente ng bias, paggawa ng report para sa bawat insidente, at pagsisiyasat kung naaangkop. Maaari mo ring isumbong ang insidente ng bias sa NJ Attorney General's Office online sa nj.gov/oag/bias, o' via email sa NJBIAS@NJDCJ.org o tumawag sa Bias Hotline sa 800-277-BIAS (2427).

## Kailangan bang ibigay ang aking pangalan at contact information?

Hindi kailangang ibigay ang iyong pangalan o contact information. Maaari magsumbong ng isang insidente ng bias nang hindi magpapakilala.

## Sino ang nagrerepaso ng report kaugnay sa insidente ng bias sa New Jersey?

Bawat report ng insidente ng bias sa New Jersey ay nirerepaso ng maraming antas ng autoridad, kabilang ang lokal na kagawaran ng pulisya, New Jersey State Police, County Prosecutor's Office, ng Office of Homeland Security & Preparedness, at /o ng Attorney General's Office. Tinitiyak ng mga antas na ito ang lubos at maayos na paagrerepaso ng mga insidente ng bias.

## Upang ISUMBONG ang Insidente ng Bias:

- Kontakin ang Iyong Lokal na Pulisya o County Prosecutor
- Kontakin ang NJ Attorney General's Office
  - Bias Hotline sa 1-800-277-BIAS (2427)
  - E-mail: NJBIAS@NJDCJ.org
  - Online: www.nj.gov/oag/bias